ST PAULS MEDIA pastoral ministry
AMBUHAY
MISSALETTE
Celebrates the 500 Years of Christianity in the Philippines (1521-2021)

Taon 35 Blg. 09 | Ika-22 Linggo ng Karaniwang Panahon (B) — Luntian | Agosto 29, 2021

Pukawin ANG ATING KAGANDAHANG-LOOB

P. Sebastian Gadia III, SSP

Marami tayong narinig tungkol sa buhay-buhay ng ating mga hinahangaang artista. Naaaliw tayo kapag magsimula na silang magpatawa sa harap ng camera. Minsan, nagugulat na lang tayo kapag nababalitaan natin na nalulong sila sa masamang bisyo o kaya nagpapakamatay dahil sa bigat ng kanilang problema. Hindi natin masukat-akalaing kung sino pa ang mga taong nakikita natin madalas nagbibigay-kasiyahan sa atin, sila rin ang mga taong matindi ang pinagdaraanan. Siguro, may karanasan din tayong ganyan. Ayaw din natin ipakita sa maraming tao ang ating mga pinagdaraanan. Ayaw nating ipakita ang tunay na nangyayari sa ating kalooban. Mas mahalaga sa atin ang nakikita sa panlabas.

Marahil ito rin ang mas mahalaga sa buhay ng mga Pariseo at mga iskriba sa ating ebanghelyo ngayon. Napansin nilang hindi naghugas ang mga alagad ng ating Panginoong Hesukristo. Kaya naman inusisa nila siya: "Bakit hindi sumusunod ang mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumain sila nang hindi man lamang naghugas ng kamay ayon sa paraang iniuutos." Malamang, alam ng mga Pariseo at mga iskriba na kasa-kasama ni Hesus ang mga alagad saanman siya pumunta. Katulong niya ang mga ito sa kanyang misyon kagaya ng pagpapalayas ng mga demonyo, pagbubuhay ng mga patay, pagpapagaling ng mga maysakit, at pagtanggap at pagyakap sa mga kasalanan. Ayon sa tradisyon ng mga Judio, kailanman hindi maaari makisalamuha ang isang Hudyo sa isang taong nagkasala, lalung-lalo na ang hawakan sila. Ang sinumang humawak o makisalamuha sa mga taong makasalanan, maysakit at patay, pinaniniwalaang nahawa na rin sila ng mga kasalanan ng mga taong ito. Sa loob-loob ng mga Pariseo, itinuring na rin ng mga Pariseo at mga iskriba ang mga alagad ni Hesus at kasama niya na mga makasalanan sapagkat nahawa na rin sila ng mga taong nakasalumuha nila. Naka-ugat ang Pagsunod sa tradisyong ito sa ating Unang Pagbasa: "…unawain ninyo ito at sundin ang tuntuning itinuturo ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. Sundin ninyo ito ng walang labis at walang kulang."

Mga Kapatid, hindi tinitingnan ng ating Panginoong Jesukristo ang Panlabas na anyo sapagkat hindi nagmumula dito ang kasalanan. Sa ating ebanghelyo ngayon, sinabi niya: "…*Sapagkat sa loob, sa puso ng tao, nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, mag-imbot, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya*." Lumaki ang ating Panginoong Hesukristo sa tradisyon ng mga Judio. Pero hindi niya alintana na hindi sundin ang ganitong uri ng ipinag-uutos sapagkat hindi nawawalan ng pag-asa ang ating Panginoong Jesukristo sa atin. Bagama't sa ating mga puso nagmumula ang kasalanan, nais din ipaalam sa atin ng Panginoon na dito rin nagmumula ang lahat ng kabutihan na itinanim sa atin ng Espiritu ng Diyos. Naniniwala nang buong-buo sa atin ang ating Panginoon; na sa kabila ng lahat ng ating pagiging makasalanan, mayroon pa ring natatanging kabutihang natitira sa ating mga puso't isipan. Upang makita natin ito, kailangan lang natin ng pagpapakumbaba. Ito ang narinig natin mula kay Apostol Santiago sa ating ikalawang pagbasa ngayon: "…*Buong pagpakumbabang tanggapin ang salita ng Dios na natanim sa inyong puso. Ito ang makaagliligtas sa inyo*." Mga Kapatid, minsan nalilihis tayo ng landas. Ngunit ipinapaalalahanan tayo ni Hesus na tayo ay sa Diyos kaya likas tayong mabuti. Pinupukaw ngayon ng Diyos ang kabutihang nakatanim na sa ating kalooban. Handa ka bang tumugon?

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok
(Slm 86:3, 5)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

D'yos ko, ako'y kahabagan sa maghapong panawagan. Dulot mo'y kapatawaran sa lahat ng nagdarasal dahil lubos kang magmahal.

Pagbati
(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumainyo rin.

Paunang Salita
(Maaaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Napakaraming ritwal at batas ang sinusunod ng mga Pariseo at mga eskriba. Kaya't madalas mas nabibigyang pansin ang mga panlabas na ritwal kaysa sa malalim nitong kahulugan. Sa Ebanghelyo, hinahamon tayo ni Hesus na huwag lamang pagtuunan ang mga panlabas na kilos o bagay, kundi tingnan ang ating mga puso. Sa ating buhay espirituwal nawa'y maunawaan nating magkakaroon lamang ng kahulugan ang mga ritwal at batas kung may malalim at personal na ugnayan tayo sa Panginoong labis na nagmamahal sa atin.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, tinipon tayo bilang mga kaanib ng angkan ng Diyos kaya dumulog tayo sa maawaing Panginoong nagpapatawad nang lubos. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagpagaling sa mga nagsisisi: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.
P—Dumating na Tagapag-anyayang mga makasalana'y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.
B—Kristo, kaawaan mo kami.
P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.
B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo *(Tumahimik)*
Ama naming makapangyarihan, tanang pinakamabuti'y iyong tinataglay. Gawin mong sa aming kalooba'y manuot ang pag-ibig sa iyong ngalang dakila at bantog upang sa pagunlad ng aming pagsunod sa pananampalatayang iyong ipinagkaloob mapagyaman mo ang kabutihang iyong inihandog at ang iyong pinagyaman ay mapanatili mong lubos sa iyong pagsubaybay sa amin at pagkupkop sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Dt 4:1–2, 6–8)
(Umupo)

Nanawagan si Moises sa mga Israelita na maging tapat sa Panginoon, at unawain at sunding mabuti ang mga alituntuning mula sa Diyos.

Pagbasa mula sa aklat ng Deuteronomio

SINABI ni Moises sa mga tao: "Ngayon, mga Israelita, upang mabuhay kayo nang matagal at makarating sa lupaing ibinigay sa inyo ng Panginoon, unawain nin-yong mabuti at sundin ang tuntu-ning itinuturo ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan. Sundin ninyo ito nang walang labis at walang kulang. Unawain ninyo ito at sunding mabuti. Sa gayon, makikita ng ibang bansa ang inyong karunu-ngan at lawak ng pang-unawa. Sa gayon, hindi nila mapipigilang sabihin ang ganito: 'Ang bansang ito'y matalino at may malawak na pagkaunawa.'
"Sinong diyos ng ibang bansa ang handang tumulong anumang oras liban sa Panginoon? Aling bansa ang may tuntuning kasing inam ng mga tuntuning ibinigay ko sa inyo ngayon?"
—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 14)

T—Sino kayang tatanggapin sa templo ng Poon natin?



1. Yaong mga masunurin na sa iyo'y nakikinig,/ at ang laging ginagawa'y naaayon sa matuwid,/ kung mangusap ay totoo, sa lahat at bawat saglit,/ yaong gawang paninira'y hindi niya naiisip. **(T)**

2. Kailanman, siya'y tapat maki-sama sa kapwa,/ sa kanyang kaibiga'y wala siyang maling gawa;/ hindi siya nagkakalat ng di tunay na balita./ At itinatampok niya ang matapat sa lumikha. **(T)**

3. Hindi siya humihingi ng patubo sa pautang,/ at kahit na anong gawi'y hindi siya masuhulan,/ upang yaong walang sala'y patawan ng kasalanan./ Ang ganitong mga tao'y mag-aani ng tagumpay. **(T)**

Ikalawang Pagbasa
(Sant 1:17–18, 21b–22, 27)

Kalooban ng tapat na Diyos na iligtas tayo sa pamamagitan ng

kanyang Salita. May kapangyarihan ang Salita ng Diyos sa ating buhay kung nagbubunga ito ng mga mabuting gawa.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago

MGA Kapatid, bawat kaloob na mabuti at ganap ay buhat sa langit, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa langit. Hindi siya nagbabago. Hindi niya tayo iniiwan o binabayaan man sa dilim. Niloob niyang tayo'y maging anak niya sa pamamagitan ng salita ng katotohanan, upang matangi tayo at maging higit sa lahat ng kanyang mga nilalang.

Buong pagpapakumbabang tanggapin ang salita ng Diyos na natanim sa inyong puso. Ito ang makapagliligtas sa inyo. Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pinakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili.

Ganito ang pagkarelihiyoso na minamarapat at kinalulugdan ng ating Diyos at Ama: tulungan ang mga ulila at mga babaing balo sa kanilang kahirapan, at ingatan ang sarili na huwag mahawa sa kasamaan ng sanlibutang ito.

—Ang Salita ng Diyos.
B—Salamat sa Diyos.

Aleluya (Sant 1:18) (*Tumayo*)

B—Aleluya! Aleluya! Magulang nati'y D'yos Ama, anak ng salita niya tayong mga aning una. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita
(Mc 7:1–8, 14–15, 21–23)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, may mga Pariseo at ilang eskribang galing sa Jerusalem, na lumapit kay Hesus. Nakita nila na ang ilan sa mga alagad ni Hesus ay kumain nang hindi muna naghugas ng kamay sa paraang naaayon sa turong minana nila.

Ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo, ay hindi kumakain hangga't hindi nakapaghuhugas ng kamay ayon sa mga turong minana nila sa kanilang mga ninuno. Hindi rin sila kumakain ng anumang galing sa palengke nang hindi muna ito hinuhugasan. At marami pang ibang minanang turo ang kanilang sinusunod, tulad ng tanging paraan ng paghuhugas ng mga inuman, ng mga saro, ng mga sisidlang tanso, at mga higaan.

Kaya't tinanong si Hesus ng mga Pariseo at mga eskriba, "Bakit hindi sumusunod ang mga alagad mo sa mga turo ng ating mga ninuno? Kumain sila nang hindi man lamang naghugas ng kamay ayon sa paraang iniutos!" Sinagot sila ni Hesus, "Tama ang hula ni Isaias tungkol sa inyo. Mapagpaimbabaw nga kayo, gaya ng kanyang isinulat:

'Paggalang na handog sa 'kin ng bayan ko'y paimbabaw lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal. Pagpuri't pag-sambang ginagawa nila'y walang kabuluhan. Ang utos ng tao ay itinuturong utos ng Maykapal.'

"Niwawalang kabuluhan nga ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod ninyo'y ang turo ng tao."

Muling pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila, "Makinig kayong lahat, at unawain ang aking sasabihin! Hindi ang pumapasok sa bibig ng tao ang naka-pagpaparumi sa kanya sa mata ng Diyos kundi ang mga nagmumula sa kanya.

"Sapagkat sa loob—sa puso ng tao—nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya na makiapid, magnakaw, pumatay, mangalunya, magimbot, at gumawa ng lahat ng kabuktutan, tulad ng pagdaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, kapalaluan, at kahangalan. Ang lahat ng ito'y nanggagaling sa puso ng tao, at siyang nagpaparumi sa kanya."

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Hilingin natin sa Ama na padalisayin ang ating mga puso upang maging tapat ang ating pananampalataya at maging katanggap-tanggap sa kanya ang ating pagsamba. Buong kababaang-loob tayong manalangin:

T—Ama namin, dinggin mo kami.

L—Maging tapat at walang takot nawa ang mga pinuno ng Simbahan sa pagpapahayag at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos kahit pa sa harap ng pambabatikos at pagsalungat ng ibang tao. Manalangin tayo: **(T)**

L—Magpanukala nawa ang aming mga mambabatas ng mga batas na naaayon sa kalooban ng Diyos, gumagalang sa karapatang pantao, at makatutulong sa ikauunlad ng bayan. Manalangin tayo: **(T)**

L—Maging totoo nawa ang bawat Kristiyano sa kanilang pagsamba sa Diyos—'di lamang sa tradisyon, kundi sa kalooban na makikita sa pag-ibig at malasakit sa kapwa. Manalangin tayo: **(T)**

L—Mabigyang katarungan nawa ang mga manggagawang 'di nabibigyan ng sapat na sahod,

ang mga biktima ng mga karahasan, ang mga pinatay dahil sa pananampalataya, at ang iba pang inaapi dahil sila'y mga dukha. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sikatan nawa ng iyong walang hanggang ningning, Panginoon, ang mga kapatid naming yumao na. Manalangin tayo: **(T)**

L—Sa ilang sandali ng katahimikan itaas natin sa Diyos ang ating personal na kahilingan gayundin ang mga taong lubos na nangangailangan ng ating panalangin *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P—Mapagpalang Ama, dinggin mo ang panalangin ng iyong sambayanan. Tulungan mo kaming matuwid kang papurihan sa tuwina.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.
B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...
B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang banal na paghahain ay lagi nawang magdulot ng iyong pagbabasbas na sa ami'y tumutubos upang ang ginaganap mo sa aming pagdiriwang ay maging lubos na pagkakaloob ng iyong pagmamahal sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

Prepasyo
Karaniwang Panahon V

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.
P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B—Itinaas na namin sa Panginoon.
P—Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B—Marapat na siya ay pasalamatan.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Ikaw ang lumikha sa tanan. Ikaw ang nagtakdang magkaroon ng gabi at araw, gayun din ng tag-init at tag-ulan. Ikaw ang humubog sa tao bilang iyong kawangis na mapagkakatiwalaang mangasiwa sa daigdig. Ikaw ngayo'y pinaglilingkuran sa pagganap sa panana-gutan ng iyong pinagtitiwalaan sa pamamagitan ng Anak mong mahal.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...
P—Hinihiling naming...
B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang
(*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulóy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Mt 5:9–10)

Mapalad ang nagbibigay daan sa kapayapaan, sila'y anak ng Maykapal, at ang mapagtiis naman ay kanyang paghaharian.

Panalangin Pagkapakinabang
(*Tumayo*)

P—Ama naming mapagmahal, kaming nagsalu-salo sa pagkain mong bigay ay humihiling ng lakas mong inilalaan upang ang kagandahang-loob nami'y madagdagan sa paglilingkod namin sa iyong kadakilaan na nagpapaalab sa pag-ibig namin sa kapwa-tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.
B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik)*

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang karunungang nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.
B—Amen.

P—Gawaran nawa ng katatagan ng Diyos ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.
B—Amen.

P—Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan.
B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.
B—Amen.

Pangwakas

P—Tapos na ang Misa. Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Panginoon ay mahalin at paglingkuran.
B—Salamat sa Diyos.

DO YOU WANT TO SUBSCRIBE TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?

For inquiries and orders:

FACEBOOK Sambuhay Missalette
GMAIL Sambuhay@stpauls.ph
TELEPHONE (02) 8895-9701